

Ang mga nakalistang serbisyo sa ngipin ay ang inyong mga benepisyo para sa Smile Plan. Para sa detalyadong paglalarawan ng inyong mga benepisyo, co-payment, at procedure, mangyaring sumangguni sa inyong Kasunduan sa Panggrupong Serbisyo o Handbook ng Miyembro. Para sa listahan ng mga kalahok na provider, mangyaring sumangguni sa Direktoryo ng Kalahok na Provider ng NetCare o mag-log in sa aming website na [www.netcarelifeandhealth.com](http://www.netcarelifeandhealth.com)

### PAGLALARAWAN NG BENEPISYO

ANO ANG  
BABAYARAN MO SA

ANO ANG  
BABAYARAN MO SA

#### DIAGNOSTIC NA PANGANGALAGA AT PANGANGALAGANG PANG-IWAS SA SAKIT

1. Prophylaxis / Paglilinis (Limitado sa 1 paglilinis sa anumang 6 na buwang panahon)	Walang bayad	40% sa UCR
2. Mga Pagsusuri (Limitado sa 1 pagsusuri sa anumang 6 na buwang panahon)	Walang bayad	40% sa UCR
3. Mga X-Ray (Limitado ang x-ray ng buong bibig sa 1 kada 3 taon)	Walang bayad	40% sa UCR
4. Paggamot Gamit ang Fluoride (Limitado sa 1 paggamot kada 12 buwan hanggang 19 taong gulang)	Walang bayad	40% sa UCR
5. Mga Space Maintainer (Kasama ang lahat ng adjustment na ginawa sa loob ng 6 na buwan mula nang maikabit. Limitado sa mga batang wala pang 16 na taong gulang.)	Walang bayad	40% sa UCR
6. Mga Sealant (Saklaw sa mga non-carious permanent molar at pre-molar. Limitado sa mga bata hanggang 16 na taong gulang)	Walang bayad	40% sa UCR

#### PANGANGALAGA PARA SA PAGPAPANUMBALIK

1. Mga Amalgam	20% sa mga saklaw na singil	40% sa UCR
2. Composite	20% sa mga saklaw na singil	40% sa UCR
3. Mga Synthetic at Plastic na pagpapasta (maliban sa gold at porcelain)	20% sa mga saklaw na singil	40% sa UCR

#### OPERASYON SA BIBIG

1. Simpleng Mga Pagbunot ng Ngipin	20% sa mga saklaw na singil	40% sa UCR
2. Operasyon (Kasama ang Mga Impacted Wisdom Tooth)	20% sa mga saklaw na singil	40% sa UCR

#### PANGKALAHATANG ANESTHESIA

Saklaw kapag partikular na inirerekomenda ng nangangasiwang dentista	20% sa mga saklaw na singil	40% sa UCR
--	-----------------------------	------------

#### ENDODONTICS

Kasama ang mga serbisyo para sa root canal therapy at iba pang nauugnay na endodontic na paggamot	20% sa mga saklaw na singil	40% sa UCR
---	-----------------------------	------------

#### PERIODONTICS

1. Periodontic Prophylaxis (Limitado sa isang beses sa anumang 2 buwang panahon)	20% sa mga saklaw na singil	40% sa UCR
2. Paggamot sa Periodontal (Paggamot sa mga gilagid at tissue ng bibig)	20% sa mga saklaw na singil	40% sa UCR

#### PROSTHODONTICS

1. Mga Inlay, Fixed Bridgework, Mga Crown Kasama ang pagpapalit at muling pagsesemento ng mga crown, inlay, at bridgework	50% sa mga saklaw na singil	75% sa UCR
2. Mga Pustiso Kasama ang buo o hindi buong naaalisa na pustiso at kapalit ng mga pustiso	50% sa mga saklaw na singil	75% sa UCR

#### MGA RESETA

Ang pagsaklaw ay batay sa inyong mga kasalukuyang benepisyo sa medikal na plano Hindi Saklaw

#### MAXIMUM SA PANAHON NG KONTRATA

\$1,000 Kada Miyembro Kada Panahon ng Kontrata

### MGA LIMITASYON

- Ang adjustment para sa unang paglalagay ng mga buo o hindi buong naaalisa na pustiso, mga pansamantalang pustiso, o bridgework ay dapat isagawa sa loob ng 6 na buwang panahon pagkatapos mismo ng pagpapalit.
- Ang saklaw na orthodontic na paggamot ay limitado sa mga pagbunot ng mga ngipin;
- Sasaklawin lang ang pagpapalit ng mga buo o hindi buong pustiso sa mga sumusunod na kaso:
  1. Ang pagbabago sa puwesto ng mga panga;
  2. Ang mga pagbabago sa istruktura sa loob ng bibig gaya ng pag-aalis ng tumor, cyst, torus, o umuulit na tissue;
  3. Kapag mahigit 5 taon na ang nakalipas mula sa naunang pagpapalit.
- Dapat na isagawa ang pagpapalit ng mga buo o hindi buong pustiso sa loob ng 12 buwan mula sa araw ng operasyon sa bibig.
- Paggamot gamit ang fluoride - limitado sa isang beses kada 12 buwan hanggang 19 na taong gulang.
- Periodontal prophylaxis - limitado sa isang paglilinis sa anumang 2 buwang panahon.
- Ang pagpapalit ng mga crown ay limitado lang sa kapag ikinabit ang orihinal na crown nang mahigit 5 taon bago ang pagpapalit.
- Ang mga x-ray ng buong bibig ay limitado sa isang beses kada 3 taon.
- Babayaran lang ang mga space maintainer para sa mga batang 16 na taong gulang pababa.
- Mga limitasyon gaya ng inilalarawan sa sheet na ito.

### MGA PAGBUBUKOD

- Anumang paggamot, serbisyo, o supply na hindi ipinapakita sa ilalim ng Iskedyul ng Mga Benepisyo.
- Anumang gastusing binayaran nang buo o nang bahagi ng anupamang probisyon ng Panggrupong Plano sa Pagsaklaw sa Kalusugan.
- Gastusing natamo pagkatapos magwakas ng pagsaklaw. Gayunpaman, ang pagsaklaw para sa prosthetics (isang artipisyal na kapalit ng isa o higit pang ngipin), kasama ang mga bridge at crown, na sinukat o in-order bago ang petsa ng pagwawakas ng pagsaklaw.
- Mga orthodontic na procedure na kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa pagsusuri, mga diagnostic na bayarin, mga mold, x-ray, pagkakabit ng mga appliance, mga retainer, buwanang maintenance. Anumang singil para sa pangangalaga at supply para sa bibig na ginagamit upang magpalit ng vertical dimension, na tinutukoy bilang
- Temporomandibular Joint Syndrome (TMJ).
- Paggamot para sa Temporomandibular Joint Syndrome (TMJ).
- Rebasng o relining ng pustiso nang wala pang anim (6) na buwan pagkatapos ng unang pagpapalit at hindi hihigit sa isang rebasing o relining sa anumang dalawang taong panahon.
- Pagpapalit ng nawala o ninakaw na prosthetics.
- Pagpapalit ng prosthetic device nang wala pang limang taon pagkatapos maikabit ang nakaraang prosthetic device.
- Pangangalaga para sa pagpapanumbalik gamit ang mga gold at porcelain na pagpapasta.
- Paggamot para sa mga ngipin at gilagid para sa mga kosmetikong layunin, kasama ang muling pagsasaayos ng mga ngipin.
- Mga Inireresetang Gamot. Ang pagsaklaw ay batay sa pagsaklaw sa inireresetang gamot ng medikal na plano.

**MGA KAHULUGAN**

**MGA PROSESO NG APELA AT KARAINGAN** - Ipinag-aatas ng batas ng Guam sa NetCare na mag-alok ng ilang partikular na proseso ng apela at karaingan. Nakalista ang mga prosesong ito sa inyong Kasunduan sa Panggrupong Serbisyo. May opsyon ang NetCare na magpatupad ng mga limitasyon sa oras sa paghahain ng mga apela o karaingan. Mayroon kayong hanggang 180 araw upang ihain ang inyong apela mula sa petsa ng pagtanggap. Makipag-ugnayan sa NetCare sa 1-671-472-3610 upang makakuha ng kopya ng Mga Proseso ng Apela at Karaingan.

**MGA SAKLAW NA SINGIL** - Ang babayaran ng Plano sa dolyar na halaga batay sa mga obligasyon sa kontrata sa mga kalahok na provider na nasa network.

**CO-PAYMENT / CO-INSURANCE** - Hindi nagbabagong dolyar na halaga o porsyento na babayaran ng miyembro bago bayaran ng Plano ang mga benepisyo.

**KOORDINASYON NG MGA BENEPISYO** - Malalapat ang koordinasyon ng mga benepisyo kung may iba pang pagsaklaw sa ngipin ang isang miyembro.

Inilalaan ng NetCare ang karapatang bawiin ang mga labis na benepisyo mula sa miyembro, Planong may pangunahing responsibilidad, o sinumang tao o entity na nakatanggap ng mga benepisyong ito para sa labis na pagbabayad.

**PAGPAPALIWANAG NG MGA BENEPISYO (EXPLANATION OF BENEFITS, EOB)** - Ipinapaliwanag ng EOB kung paano nagproseso ang NetCare ng claim kung saan kasama ang mga serbisyong isinagawa, halagang siningil, halagang binayaran ng Plano. Kung tinanggihan ang claim nang ganap o hindi ganap, magbibigay ang EOB ng pagpapaliwanag ng dahilan para sa pagtanggap.

**MGA KWALIPIKADONG SINGIL** - Ang singil na tinutukoy ng NetCare na magiging maximum na halagang babayaran nito para sa isang saklaw na serbisyo sa isang provider. Malalapat sa Kwalipikadong Singil ang anumang naaangkop na co-payment. Ang Kwalipikadong Singil ay magiging mas mababa sa aktwal na singil o napagkasunduang singil.

**PAGPAPATALA** - Susundin ng pagpapatala para sa pagsaklaw sa ngipin ang parehong kinakailangan gaya ng medikal na pagsaklaw. Ang pagsaklaw sa ngipin lang ay limitado sa mga kinakailangan sa pakikilahok ng grupo. Pinapayagan lang ang pagpili at pagwawakas ng pagsaklaw sa ngipin sa panahon ng pagpapatala ng grupo o mga kwalipikadong event sa HIPAA.

**HIPAA** - Ipinapatupad ng NetCare ang mga probisyong ipinag-aatas ng Health Insurance Portability and Accountability Act (HIPAA).

**MGA IDENTIFICATION CARD** - Nagbibigay ang NetCare ng mga ID card ng miyembro para sa mga empleyado at dependent na pipili ng pagsaklaw. May sisingilin na bayarin para sa mga kapalit na card. Hindi ginagarantiya ng ID card ng miyembro ang patunay ng pagbabayad o pagiging kwalipikado sa panahon ng serbisyo.

**HINDI KALAHOK NA PROVIDER** - Isang dentistang hindi nakikipagkontrata sa NetCare upang magbigay ng serbisyo sa mga miyembro. Babayaran ang mga benepisyo sa ngipin batay sa UCR para sa mga serbisyong ibinigay sa mga hindi kalahok na provider ng serbisyo sa ngipin.

**MGA KALAHOK NA PROVIDER** - Isang dentistang nakikipagkontrata sa NetCare upang magbigay ng serbisyo sa mga miyembro batay sa Mga Saklaw na Singil. Makikita ang listahan ng mga kasalukuyang kalahok na provider sa website ng NetCare na [www.netcarelifeandhealth.com](http://www.netcarelifeandhealth.com) o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-671-472-3610.

**INIRERESETANG GAMOT** - Ang mga inireresetang gamot ay sinasaklaw lang kung ipinapatupad ang medikal na pagsaklaw sa parehong patakaran.

**PATAKARAN SA PRIVACY** - Ipinagtibay ang Patakaran sa Privacy ng NetCare upang matiyak na ganap na nakakatugon ang Plano sa Health Insurance Portability and Accountability Act (HIPAA). Inilalarawan nito kung paano maaaring gamitin o ihayag ng NetCare ang pinoprotektahang impormasyon ng miyembro. May karapatan kayong humiling ng kopya ng Patakaran sa Privacy ng NetCare sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa tanggapan ng NetCare sa 671-472-3610.

**REIMBURSEMENT** - Dapat na isumite ang mga claim sa aming tanggapan ng NetCare sa loob ng 90 araw mula sa petsa ng serbisyo. Ang mga claim na inihain nang lampas sa 90 araw mula sa petsa ng serbisyo ay tatanggihan at magiging tanging pinansyal na responsibilidad ng miyembro. Isasauli ang mga hindi kumpletong claim sa miyembro.

**KINAKAILANGAN SA LUGAR NG SERBISYO** - Ang membership sa Plano ay limitado lang sa mga nagpatalang nakatira sa loob ng nakatalagang lugar ng serbisyo.

**UCR** - Mga Karaniwan, Nakagawian, at Makatuwirang (Usual Customary, and Reasonable) singil sa heograpikong lokasyon kung saan ibinigay ang serbisyo batay sa iskediyul ng bayarin sa NDAS.